**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-15 NG HULYO, 1998, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO............................ PANG. PUNONG BAYAN

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr............................ Tagapangulo
Kgg. Florecnio C. Odejar............................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............................ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............................ Kagawad
Kgg. Louie C. de leon............................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca............................ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............................ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor............................ Kagawad

DI-DUMALO:

W A L A

### KAPASIYAHAN BLG. 087-T'98

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAKAPAGLAAN NG LUGAR SA REHAB[redacted]N CENTER, MAGDALENA, LAGUNA PARA SA MGA KABABAIHANG SA[redacted]M SA PAGGAGAMOT SANHI NG KAPINSALAANG DULOT NG BAWAL NA GAMOT.

SAPAGKA'T, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna, na mapangalagaan ang buhay at kinabukasan ng mga kabataang lubhang nalululong sa ipinagbabawal na gamot;

SAPAGKA'T, tangi sa mga ginagamot sa Drug Rehabilitation Center sa bayan ng Magdalena, lalawigang ito ay pawang mga kalalakihan lamang;

SAPAGKA'T, marami sa kababaihan ang napipinsala bunga ng pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot;

SAPAGKA'T, lubhang kinakailangan ang tulong ng pamahalaang panlalawigan na siyang nagmamalasakit para sa kapakanan ng mga kabataan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na mapitagang hilingin sa Kgg. Punong lalawigan Jose D. Lina, Jr. Na makapaglaan ng lugar sa Rehabilitation Center, Magdalena, Laguna, para sa mga kababaihang sasailalim sa paggagamot sanhi ng kapinsalaang dulot ng bawal na gamot.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan, Jose d. Lina, Jr. Kgg. Punong Bayan, Pambayang Manggagamot, Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan